

Para sa mga Employer at Manggagawa

MAARI NANG MATANGGAP ANG SAHOD DIGITALLY!



Ayon sa Labor Standards Act, marapat lamang na matanggap ang sweldo gamit ang cash, ngunit kung may pagsang-ayon mula sa manggagawa, maaring ihulog sa bank account ng manggagawa ang kanilang sahod. Dahil dumarami ang paraan ng pagtanggap o pag-bigay ng pera, pati na rin ang pag-usbong ng mga cashless na transaksyon na umaayon sa pangangailangan ng karamihan, kapag sumang-ayon ang manggagawa ay maari nang matanggap ang sahod at maihulog ito sa bank account ng ilan sa mga Funds Transfer Service Providers*.

※Para lamang sa mga piling Funds Transfer Service Providers (●●Pay) ng Punong Minister of Ministry of Health, Labour and Welfare. Ang listahan ng mga mapipiling Funds Transfer Service Providers ay ilalagay sa website ng Minister of Health, Labour and Welfare.



Website ng Ministry of Health, Labor and Welfare

Daloy

Mula Abril, 2023

Pagrerehistro at pagsisiyasat ng Minister of Health, Labour & Welfare sa mga Funds Transfer Service Providers (Tatagal ng ilang buwan)

Matapos Mapili ng Punong Ministro

Kasunduan sa pagitan ng manggagawa at employer sa bawat lugar ng pinagtatrabahuhan

Matapos ang kasunduan sa pagitan ng Employer at Manggagawa

Pagpapaliwanag sa bawat manggagawa at pagsisimula ng pagbayad digitally matapos ang pagsang-ayon ng manggagawa.

► Mga Puntong Dapat Isaisip

- Ang mga points na hindi maaaring i-encash at mga cryptocurrency ay hindi mapapayagan.
- Ang digital na pagbayad ng sweldo ay isa lamang sa mga paraan ng pagtanggap at pagbibigay ng sahod. Sa bawat kumpanya o lugar na pinagtatrabahuhan ng isang manggagawa, kasalukuyang hindi sapilitan ang digital na pagtanggap at pagbabayad ng sahod.
- Maaaring ipagpatuloy ang kasalukuyang paraan ng pagtanggap ng sahod kung hindi sasang-ayon ang isang manggagawa. Dagdag pa rito, Hindi rin maaaring pilitin ng isang employer ang digital na pagtanggap ng sahod ng isang manggagawa. (Labag sa Labor Standards Act at pagmumultahin ang employer sa kasong sapilitang digital na pagbabayad ng sahod nang walang pagsang-ayon mula sa mismong manggagawa.)
- Ang bahagi ng sahod ay maaaring matanggap gamit ang isang itinakdang Funds Transfer Service Provider at ang matitira ay maaaring matanggap gamit ang bangko.

Manggagawang may Nais

Bahagi ng sahod
Sa account ng Fund Transfer Service Provider
(Halimbawa: 50,000yen)

Natitirang sahod

Sa bank account, atbp.



Manggagawang walang Nais

Buong sahod
Sa bank account, atbp.



Kaalaman para sa mga nagnanais matanggap ang kanilang digital na sahod:

● Dapat ay may kasunduang naganap

Kinakailangan ng akmang kasunduan sa pagitan ng employer at manggagawa para sa digital na pagbayad ng sweldo sa lugar na pinagtatrabahuhan ng isang manggagawa. Matapos ito, dapat ding ipaliwanag ng employer at sumang-ayon sa mga sumusunod ang isang manggagawa.

● Akma ang nakatakdang halaga na maaaring matanggap

Ang account sa itinakdang Funds Transfer Service Provider ay hindi magagamit bilang "Savings," ito ay nakatakda para sa pagtanggap o pagpapadala ng pera, dahil ang account ay gagamitin para akmang halaga ng sahod na iyong itatalaga. Maaari rin lamang na ang halaga na maaring matanggap kada araw sa iyong account ay hindi bababa sa iyong itatalagang sahod na matatanggap.

● Ang maximum amount sa bangko ay isang milyon pababa

Isang milyon pababa ang nakatakdang maximum amount na maaaring matanggap sa iyong account. Kapag may ipinadalang pera sa iyong account at ang laman nito ay lagpas na sa maximum amount na iyong itinalaga, kusa itong maipapadala sa iyong bank account. Marapat na kumpirmahin ito sa inyong itinakdang Funds Transfer Service Provider dahil may mga pagkakataong may processing fee na kailangan kung mangyari man ito, ang halagang iyon ay sasagutin ng manggagawa.

● Ang laman ng bank account ay maaari ring i-encash/withdraw (Maaaring mag-withdraw nang walang processing fee isang beses kada buwan)

Maaari ring i-withdraw mula sa iyong ATM o bank account ang halagang matatanggap mula sa iyong account sa Funds Transfer Service Provider kung ito ay ipapadala o ililipat doon. Kada buwan ay hindi bababa sa isang beses ang libre (walang processing fee) na paglipat/pagpapadala ng pera sa iyong ATM o bank account. Kumpirmahin mula sa inyong itinakdang Funds Transfer Service Provider ang halaga ng processing fee para sa paglipat o pagpapadala ng inyong pera patungo sa inyong ATM o bank account.

● Dapat ay may sampung taong palugit para sa mga refund

Maaari lamang na may sampung taong palugit mula sa araw ng huling natanggap o pinadalang, para sa mga refund na maiuulat.

► Kung sakaling mangyari ang mga sumusunod

● Para sa Ilegal na Transaksyon (Hindi Pamilyar na Transaksyon)

Kung ma-hack ang iyong account at magkaroon ng illegal na transaksyon sa iyong account, makatatanggap ng kumpensasyon kung walang pagkakamali ang may-ari ng account, ngunit walang kasiguraduhan sa kumpensasyon kung mapatunayang may pagkakamali sa panig ng manggagawa. Dagdag pa rito, mayroon kang hindi lalagpas sa 30 araw para ipagbigay alam ang nangyaring insidente. Kung magkaroon man ng transaksyong hindi ka pamilyar, maari lamang na agarang makipag-ugnayan sa iyong itinakdang Funds Transfer Service Provider.

● Kapag na-bankrupt ang service provider

Kung sa kasamaang palad ay malugi ang isang itinakdang Funds Transfer Service Provider, may kabayaranang manggagaling mula sa guarantor company.



Para sa tao, kabuhayan, at kinabukasan

**Ministry of Health,
Labour and Welfare**